

# Ang pagsakop ng mga korporasyon sa edukasyon sa Pilipinas

## APEC Schools

Narito ang mga katangian ng edukasyong ito na tila isa lamang negosyo:

Mga pamantayan ng paaralan

Sa bisa ng isang kasunduan sa pagitan ng Kagawaran ng Edukasyon (DepEd) at ng APEC, ibabatay ang pagtalima ng APEC sa mga **minimum na pamantayan** para sa mga pribadong paaralan sa bansa sa isang listahan **na APEC mismo ang naghanda**. Ngunit, **hindi kasing-detalyado at masusukat ang mga nakasaad sa listahang ito ng APEC gaya ng mga pamantayan ng DepEd**, halimbawa para sa mga kahingian gaya ng lawak ng nasasakupan ng paaralan at mga pasilidad gaya ng laman ng aklatan.

Matrikula

Hindi tunay na “abot-kaya” ang matrikula. Sa bayaring mula P19,000 hanggang P32,500 bawat taon depende sa grado at lokasyon ng paaralan, **17% hanggang 30% ng taunang kita ng pamilyang itinuturing ng pamahalaan na hindi mahirap ang kailangang gastusin upang makapagpaaral ng isang bata**. Nang itaas ng APEC ang matrikula nito kamakailan, nagpatupad din ito ng segregasyon sa pamamagitan ng pagsingil ng magkaibang bayarin para sa mga mag-aaral na papasok sa shift sa umaga at sa hapon.

Lokasyon ng paaralan

Dahil pinahintulutan ang APEC na magbukas ng paaralan sa mga gusaling nirentahan lamang o hindi nila pag-aari at pinayagan ding hindi sumunod sa ideyal na lawak ng pagtatayuan ng paaralan, hindi bababa sa **isa sa bawat tatlo sa mga paaralan nito ang nasa matataas na palapag ng mga komersyal na gusali, gaya ng mga bangko at pagawaan ng sasakyan**. Sa mga gusaling ito, hindi tiyak ang kaligtasan at maginhawang pag-akyat ng mga mag-aaral, lalo na ang mga may kapansanan. Maaari ring makasama sa konsentrasyon ng mga mag-aaral at guro ang ingay mula sa iba pang gumagamit sa gusali at mula sa kalye.

Mga silid-aralan at kapaligiran ng paaralan

Sa paglalarawan ng mga guro sa ilang lokasyon ng APEC, **siksikan at kulang sa espasyo at maayos na bentilasyon ang mga silid-aralan, at hindi nakasapat para sa ilang klase** gaya ng physical education at yaong mga nangangailangan ng laboratoryo, at maging para sa mga gawaing extra-curricular. Dahil pinahintulutan din ang APEC na magrenta lamang ng mga pasilidad para sa isports at sining kung kailan lamang kailangan, hindi matitiyak na makagagamit ng mga ito ang mga mag-aaral.

Mga pasilidad

Dahil sa limitadong espasyo sa ilang lokasyon, **walang mga laboratoryo o workshop para sa mga klase sa agham at edukasyong pantahanan, at masikip at hindi angkop ang espasyo para sa mga opisina ng mga guro at iba pang tanggapan**. Layon din ng APEC na maghiraman ng kasangkapan sa laboratoryo ang mga sangay nito. Pinalitan din ng isang online digital library ang pisikal na aklatan, ngunit nakasalalay ang paggamit dito sa maayos na koneksyon sa internet.

Mga guro

Noong 2015, **aabot sa 70% ng mga guro ng APEC ang hindi lisensyado, at hinihingi lamang ng APEC na nagtapos ng kolehiyo ang mga guro**. Hindi bihirang ipaturo sa mga guro ang mga kanilang kaalaman. Para maitaguyod ang mga klase, binibigyan ang mga guro ng mga inihanda nang lesson plan upang magamit na tila script, kaya hindi nakapagdidisenyo ang mga guro ng mga leksyong sa tingin nila ay kailangan ng mga mag-aaral.

Naghihiraman din ang mga sangay ng APEC ng mga kawaning karaniwang makikita sa ibang pribadong paaralan, **gaya ng librarian, guidance counselor at mga propesyunal na pangkalusugan**. Dahil dito, makararating lamang sila sa mga paaralan kung kailan lamang sila kailangan ng mga mag-aaral at guro.

Iba pang serbisyo sa paaralan



Education International  
Internationale de l'Éducation  
Internacional de la Educación